# Katiyakang Kaalaman ng Hong Kong – Ang Pulisya

## ANG PULISYA

Ang Puwersa ng Pulisya sa Hong Kong ay naiiba sa pagiging pinakamatagal subalit pinaka-modernong puwersa ng pulisya sa buong mundo.

Nabuo noong 1844, ang Puwersa ay umunlad mula sa pinaka-malawakang papel na paglaban sa sunog, mga piitan at imigrasyon, hanggang sa pagiging tradisyonal na pulisya sa larangan ng paglilingkod. Nang ika-30 ng Hunyo, 2023, ang Puwersa ay may lakas ng 27 185, na kung saan 18 na porsiyento ay kababaihang pulis. Mayroon din itong 4 066 na sibilyang mga empleyado.

Ang Puwersang Pantulong ng Pulisya ng Hong Kong (*Hong Kong Auxiliary Police Force o HKAFP*) ay unang nabuo noong 1914 bilang reserba sa pagtulong sa likas na mga sakuna o emerhensiyang sibil. Nang ika-30 ng Hunyo 2023, ang *HKAFP* ay binubuo ng 3 203 na mga boluntaryong mamamayan. Ang papel ng *HKAFP* ay nagbago sa paglipas ng panahon para makipagsabayan sa pagbabago ng kapaligiran. Ngayon ito ay nakapagsanay ng reserbang manggagawa para sa pagsuporta sa regular na Puwersa at nakapagpatupad ayon sa umiiral na pagpapatakbong mga priyoridad na ipinasiya ng Komisyoner ng Pulisya.

Ang Puwersa ay nakatuon sa pangangalaga ng pambansang seguridad, pag-iingat ng buhay at ari-arian, pagpipigil at pagtuklas ng krimen, at pagpapanatili ng batas at kapayapaan sa lipunan. Ang Puwersa ay laging nagsisikap sa paghingi suporta ng komunidad at panatilihin ang tiwala ng publiko sa Puwersa, sa layuning tiyakin na ang Hong Kong ay manatiling isa sa pinakamatiwasay at pinakamatatag na lipunan sa mundo.

**Balangkas:** Ang Puwersa ay nasa ilalim ng pag-uutos ng Komisyoner ng Pulisya na siya namang tinutulungan ng tatlong Kinatawang Komisyonado.
Ang isang Kinatawang Komisyonado ang siyang namamahala sa lahat ng mga usaping pagpapatakbo at yung isa ay responsable sa direksiyon at koordinasyon ng pangangasiwa ng Puwersa, kasama na dito ang mga tauhan, pagsanay at pamamahala ng mga serbisyo. Ang trabaho naman ng pangatlo ay ang pangangalaga ng pambansang seguridad.

Ang Punong Tanggapan ng Puwersa ay binubuo ng anim na departamento: Pagpapatakbo; Krimen at Seguridad; Tauhan at Pagsasanay; Mga Serbisyong Pamamahala; Pananalapi, Pangasiwaan at Pagpaplano; at Pambansang Seguridad. Sa pang araw-araw na pulisya, ang buong teritoryo ng Hong Kong ay hinati sa anim na mga Rehiyon ng Pulisya, pinangalanang, Hong Kong Island, Kowloon East, Kowloon West, New Territories North, New Territories South at Marin. Ang kani-kanilang Rehiyonal na Punong Tanggapan ay binubuo ng iba't-ibang Pormasyon kasama na dito ang imbestigasyong kriminal, pagpapatakbo, administrasyon at trapiko (pwera ang Rehiyong Marin). Ang bawat Rehiyon ay buinubuo ng ilang Distrito na kung saan ang Komandanteng Distrito ay responsable sa pagsusubaybay ng lokal na usaping pulisya. Para sa batas at kaayusan ng Sistema ng Riles na tumatakbo sa buong teritoryo, ibinigay ito sa Distrito ng Riles sa ilalim ng pangangasiwa ng Kowloon East na Rehiyon.

Ang Pulisya ng Marin, na mayroong plota nang higit sa 100 na sasakyang-dagat ng pulis, ay pinapatrolya ang mga 1 641 kilometrong kuwadro ng dagat sa Hong Kong at 261 na mga malalayong isla. Sa pagsulong ng pinakamahusay at modernong teknolohiya ng baybaying seguridad at sistema ng radar at napakagaling tumakbong mga sasakyang-dagat, ang Pulisya ng Marin ay nakapagdudulot nang mataas na serbisyong kalidad sa kabuuang karagatang komunidad sa teritoryo. Ang Pulisya ng Marin ay responsable rin sa pagpapanatili ng batas at kaayusan sa karagatan ng Hong Kong, kasama dito ang pagbabawal ng ilegal na imigrasyon at pagsugpo ng mga gawaing ilegal na pagpupuslit, pagsasagawa ng paghahanap at pagsagip na mga operasyon, at pakikipagtungo sa karagatang komunidad para mapatibay ang kanilang kaligtasan. Ang Pulisya ng Marin ay tumutulong din sa Direktor ng Marin sa pagsasagawa ng pag-audit ng seguridad ng 37 na Internasyonal na Pagpapadala at Daungan na mga pasilidad para sa mabisang pagtugon sa terorismo at malalaking pandagat na insidente. Sa ngayon ang Plota ng Pulisya ay sumasailalim ng $4 na bilyong halaga na programang modernisasyon na kalakip ang pagtaguyod ng "Marine Situational Awareness System" para mapagtibay ang koordinasyon.

**Mga Pagpapatakbo**: Ang Departamento ng Pagpapatakbo, ay binubuo ng "*Operations Wing, Support Wing, Public Relations Wing (PR)" a*t anim na Rehiyong Pulisya, responsable sa pagpapatakbo ng iba't-ibang usaping pagpapatakbo. Ang "*Operations Wing*" ay tagahawak ng polisiya ng Puwersa ukol sa iba't-ibang usaping pagpapatakbo kasama dito ang kontra-terorismo, panloobang seguridad, hangganang seguridad, pag-alis ng bomba, at pangangasiwa ng malalaking kaganapan/insidente,atbp.

Para sa "*Police Tactical Unit*" (*PTU),* ang Puwersa ay may kabuuang pitong nataguyod na mga kumpanya at dalawang tagasanay na kumpanya, na nagbibigay ng kinailangang tauhan para magsagawa ng pamamahala ng karamihang tao sa mga malalaking kaganapan at tumugon sa anumang emerhensiya, pati na rin ang paggawa ng araw-araw na operasyon laban sa krimen at pamamahala ng publikong kaganapan sa mga Rehiyon. Ang mga kumpanya ng *PTU* ay sasama rin sa ibang mga pangkat para makapagbuo ng "*Regional Response Contingents*" na makapagbibigay ng mabilis at mabisang pagtugon sa malalaking operasyon, malakihang publikong kaguluhan at iba pang mga emerhensiya. Ang Punong Tanggapan ng *PTU* ay responsable sa pagbibigay ng kasanayan patungkol sa panloobang seguridad, malakihang mahahawakang kapanapan , atbp, sa loob ng Puwersa.

Ang "*Support Wing*" ay sumusubaybay sa *Support Branch* at *Traffic Branch Headquarters* (TBHQ).

Ang *Support Branch* ay responsable sa pagbalangkas at pagsagawa ng mga polisiya na may kinalaman sa suportang pagpapatakbo at kaligtasan sa trabaho at kalusugan ng regular at pantulong na mga Puwersa. Responsable rin ito sa iba't-ibang gawaing paglilisensiya ng Puwersa at pag-aalok ng tulong sa mga kaugnay na naglilisensiyang awtoridad.

Ang *TBHQ* ay responsable sa pagbabalangkas ng mga priyoridad ng Puwersa, mga polisiya nito at proseso sa mga usaping trapiko, sa pakikipag-ugnayan ng kanilang pagpapatupad at pagsusubaybay ng mga epekto nito. Ito ay nagpoproseso ng lahat ng pa-uusig sa trapiko at pagkolekta at pangangalaga ng datos na ugnay sa trapiko. Ang *TBHQ* ay nagbibigay patnubay sa pamamahala ng mga usaping trapiko at nagsusubaybay ng lokal na mga panukalang trapiko. Ito rin ay nagbabalangkas ng mga suporta at nagsusubaybay ng mga programa ukol sa kaligtasan sa daan at pagpapatupad nito. Dagdag pa rito ang pagpapamahala ng plota ng Puwersa na higit sa 2 800 na sasakyan at samahan ng mga tsuper ay nasa kanilang saklaw din.

Mahalaga rin ang papel ng *PR Wing* sa paghingi ng suporta ng publiko sa pagpapanatili ng batas at kaayusan sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa komunidad, pagpapakinabang sa plataporma ng teknolohiya at *social media*, pati na rin ang pakikipagtulungan sa medya para pagyamanin ang magandang relasyon ng lahat ng sektor sa komunidad. Ang impormasyon patungkol sa mga gawain ng pulisya ay ipinamamamahagi sa lokal at sa medya ng ibang bansa sa lahat ng oras.

Ang *Inter-departmental Counter Terrorism Unit* (*ICTU)* ay itinaguyod noong Abril 2018, na binubuo ng mga miyembro mula sa anim na ahensiya na nagpapatupad ng batas, nagalanang ang Departamento ng *Customs and Excise*, ang Departamento ng *Correctional Services*, ang Departamento ng *Fire Services*, ang *Flying Service* ng Pamahalaan, ang Puwersa ng Pulisya ng Hong Kong at ang Departamento ng Imigrasyon. Ang *ICTU* ay responsable sa pagsubaybay at pagsuri ng mga kalakaran sa pandaigdig na terorismo at pagbigay ng mga madiskarteng rekomendasyon sa Kalihim ng Seguridad patungkol sa mga usaping *CT (Counter Terrorism/*Kontra Terorismo). Ang *ICTU* ay nagbibigay din ng plataporma sa pagitan ng mga departamento para mapaganda ang koordinasyon at pagsusuri ng *CT intelligence* sa gitna ng mga departamentong miyembro. Upang mapagyaman ang malapit na ugnayan at mas maayos ang pagtutulungan sa pagitan ng kaugnay na mga departamento, ang *ICTU* ay nag-organisa ng *CT* na mga gawain at pagsasanay sa pagitan ng mga departamento, at isulong ang kaalaman sa *CT* sa pamamagitan ng edukasyong publiko. Ang *ICTU* ang namamahala ng *hotline* sa pag-ulat ng Kontra Terorismo (KT) 63-666-999, na naglilingkod na himukin ang publiko sa pagbigay ng impormasyon ukol sa terorismo o kaugnay na karahasan at isulong ang tema na 'Mataan at I-ulat' at ang 'Kabuuang-Komunidad' na paraan sa *CT.* Yung mga makapagbigay ng mahalagang impormasyon ay maaring makakuha ng gantimpala sa ilalim ng umiiral na mekanismon ukol sa gantimpala.

Kahit na ang pang araw-araw na pagpapatrola at mga tungkuling laban sa krimen ay ginagawa ng mga *Patrol-sub-unit* at mga sangay ng Emerhensiya, ang nauukol na *Regional Command and Control Centres (RCCCs)* ang responsable sa koordinasyon at pagpapadala ng mga kakayanan ng Pulisya sa loob ng mga Rehiyon. Ang *RCCCs* ay magsusubaybay ng lahat na ganapan/pangyayari sa loob ng mga Rehiyon, at patuloy na ipaalam ang anumang may kabuluhang mga usapin sa Punong Tanggapan ng Pulisya at iba pang kaugnay na departamento ng Pamahalaan.

Ang mga trapikong sangay ng Rehiyon (*Regional Traffic Units*) ay responsable sa imbestigasyon ng mga aksidenteng trapiko, ang publisidad sa kaligtasan sa daan at pang araw-araw na pagpapatupad ng trapiko. Ang *Traffic Warden Corps* ay tumutulong sa pagpapatupad ng batas na kaugnay sa mga salang pagpaparada at mga nakahintong sasakyan na gumagana ang makina at pati na rin ang pagsasaayos ng trapiko.

**Krimen at Seguridad:** Ang Departamento ng Krimen at Seguridad ay responsable sa polisiya ng Puwersa patungkol sa pagpipigil at pag-iimbestiga ng mga krimen at usaping seguridad. Ang *Crime Wing* ay binubuo ng ilang mga tumatakbong kawanihan at mga madalubhasang suporta na mga sangay. Ang tinatalakay ng mga tumatakbong kawanihan ay ang mga partikular na aspeto ng kriminal na mga gawain, samantala ang madalubhasang suporta na mga sangay ay nagbibigay ng mga pansuportang lingkod sa iba't-ibang tumatakbong sangay ng Puwersa at hinahawakan ang usaping polisiya sa mga isyu tulad ng pang-abuso ng bata, karahasan sa loob ng tahanan at ang pagprotekta ng mga saksi. Ang *Security Wing* ay nagbibigay ng proteksyon sa mga *VIP,* nakikipag-ugnay sa mga konsulado at nangagasiwa sa mga operasyong seguridad, kasama dito ang laban-sa-terorismo at kaugnay na pagsasanay.

Ang *Critical Infrastructure Security Coordination Centre (CISCC)* ay pinagkakatiwala na palakasin ang kritikal na kakayahan sa pagprotekta at pagpapatatag sa pamamagitan ng pamamahala ng panganib at publiko-pribadong pagtulungan. Sa pagtatanim ng mga konsepto ng *Security-by-Design* at pagbibigay ng propesyonal na mga rekomendasyon ukol sa seguridad, ang *CISCC* ay naglalayung payamanin ang kritikal na kakayahang kapasidad sa pagtanggol, pagtugon at paggaling.

Ang *Organized Crime and Triad Bureau (OCTB)* ay nag-uugma sa kalawakang kakayahan ng Puwersa sa pakikipaglaban sa mga mabibigat na krimen tukad ng pagpuslit at pagtrapiko ng mga tao, mga bisyong hawak ng sindikato, gahamang pautang at ilegal na pagkolekta ng utang, ilegal na bangkerong panunugal, sandata at pampasabog-na-ugnay na mga krimen, kasama rin dito ang malakihang kaguluhan sa publiko, malalaking sakuna at pananalakay ng mga terorista. Iniimbestiga rin nila at tinututukan ang mga gawain at krimen na kaugnay sa mga grupo ng *triad.*

Ang *Criminal Intelligence Bureau (CIB)* ay ang sentrong lupon ng Puwersa para sa kriminal na kaalaman. Ito ay nakikipagtulungan sa *OCTB* at iba pang *Crime Wing* at nagbibigay suporta sa mga pormasyon ng pulisya sa tinutudlaang mga *triad* at organisadong krimen. Para palakasin ang kakayahang kriminal na kaalaman sa loob ng puwersa, and *CIB* ay bumubuo rin ng kaugnay na pagsasanay para sa mga pangunahing imbestigador.

Ang *Commercial Crime Bureau (CCB)* ay nag-iimbestiga ng mabibigat na komersyal at pinansiyal na mga krimen, pamemeke ng mga pananalaping instrumento, pagkakakilanlan na mga dokumento, mga kard na pambayad, mga salapi at barya. Ito ay matalik na nakikipagtulungan sa *Mainland* at mga internasyonal na ahensiya na nagpapatupad ng batas sa pagpalitan ng kaalaman at mga pakiusap ukol sa imbestigasyon ng mga kaugnay na krimen na tumatawid o umaabot sa ibang teritoryo o bansa. Ito ay nagtataguyod din ng mga madiskarteng pamamaraan sa pakikiusap sa mga iba't-ibang sektor ng komunidad sa pamamagitan ng karagdagang gamit ng *social media* at pakikipagtulungan ng iba't-ibang ahensiya sa mga panukalang pagsupil ng iskam o pandaraya. Noong Mayo 2017, ang *Fraud and Money Laundering Intelligence Taskforce* ay tinaguyod sa pakikipagtulungan ng *Hong Kong Monetary Authority*, ang *Hong Kong Association of Banks* at ilan pang lokal na bangko para mapatibay ang pagtuklas, pagpigil at pagputol ng mabibigat na krimeng pinansiyal at banta mula sa paglilinis ng maruruming pera sa pamamagitan ng regular na pagpulong at pagpalitan ng kaalaman. Para mapabilis ang mga gawaing laban sa pandaraya at maitaas ang kamalayan ng publiko ukol sa iba't ibang iskam, ang *Anti-Deception Coordination Centre* ay itinaguyod nitong Hulyo sa nabanggit na taon para makapagbigay sa lahat ng oras ng agad-agad na patnubay na serbisyo sa pangkalahatang publiko.

Ang bilang ng teknolohikal na mga krimen at pangyayaring ukol sa cyber na seguridad ay patuloy na tumataas sa nakaraang taon. Itinalaga ng *Cyber Security and Technology Crime Bureau (CSTCB)* na lalung palakasin ang kakayahan ng Puwersa sa mga pangunahing lugar, kasama dito ang pagpapatakbo, *digital forensics*, pagsasanay, kaalaman at pananaliksik para mabisang labanan ang mga teknolohikal na mga krimen at pakaingatan ang cyber na seguridad ng Hong Kong. Ang *Cyber Security Centre* sa ilalim ng *CSTB* ay nagbibigay sa lahat ng oras ng proteksyong cyber seguridad para sa mga kritikal na imprastraktura sa mga sektor ng pamahalaan, pangbabangko at pananalapi, transportasyon, mga komunikasyon at mga pangmadlang kagamitan. Itinaguyod din ng *CSTB* ang *Cyber Range*, na nagbibigay ng ligtas at makapamahalang birtwal na kapaligiran para sa pagsasanay ng mga opisyal ng pulis at iba pang mga nagsasanay sa cyber na seguridad. Ang kapaligiran ay naglalaan ng isang plataporma sa pagsasanay para sa isang makunwaring cyber na pagsalakay at mga pananananggol na mga senaryo, na tumutulong sa pagpapabuti ng propesyonal na kakayahan ng mga interesadong partido upang mapagtibay ang pag-iingat ng cyber na seguridad ng Hong Kong.

Ang *Narcotics Bureau (NB)* ay nag-iimbestiga at humahagilap ng kaalaman na kaugnay sa mabibigat na mga kasong bawal na gamot, sa pagsisikap na malabanan ang pagtatrapiko, paggawa, pag-angkat at pagkalat ng mga bawal na droga. Ito rin ay matalik na

nakikipagtulungan sa *Mainland* at mga ahensiya sa ibang bansa na nagpapatupad ng batas sa layuning labanan ang internasyonal na gawaing pantrapiko ng droga na sangkot ang Hong Kong. Ito rin ay nagpatibay ng pamaraan na kalahok ang iba't-ibang ahensiya at komunidad sa pagsulong ng kamalayan sa mga kabataan ukol sa pag-abuso ng droga.

Ang *Financial Intelligence and Investigation Bureau* (FIIB) ay nag-iimbestiga ng mga kaso ng paglilinis ng maruming pera at pagpopondo ng mga terorista, pinoproseso at sinusuri ang mga kahina-hinalang mga ulat na transaksyon, nagpapalitan ng pinansiyal na kaalaman sa lokal at dayuhang ahensiya na nagpapatupad ng batas at nakikipag-ugnayan sa mga bangko at ibang interesadong partido. Bilang masugid na sangay na sumusuporta sa *Financial Services* at *Treasury Bureau*, ang *FIIB* ay nakikipagtulungan sa iba't ibang interesadong partido para sa labanan sa paglilinis ng maruming pera at polisiya para sa pagkontra sa pagpondo ng terorismo at usaping panukalang batas, madiskarteng pagsusuri, sa ngayong nangyayaring pagtatasa ng panganib sa buong teritoryo pati na rin ang pagsasanay at pangaabot sa panglawakang tintukoy.

Ang *Liaison Bureau (LB)* ay pinamamantili ang malapit na pag-uugnay sa mga awtoridad ng *Mainland Public Securities*, *Police Liaison Department of the Liaison Office of the Central People's Government in the HKSAR*, Pulisya ng Macao at Pulisya ng Taiwan. Ang *LB* ay tumatayo para sa Puwersa bilang isang *Sub-Bureau* ng *INTERPOL National Central Bureau* sa Tsina. Itinutugma din nito ang mga kaugnay na imbestigasyon ng pulis mula sa ibang bansang mga sangay na nagpapatupad ng batas at lokal na konsulado, pati na rin ang paghahawak ng mga pakisuap mula mga awtoridad ng ibang bansa para sa magka-isang pagtutulugang legal at pag-aresto at pagsuko ng mga takas.

Ang *Crime Support Group* ay binubuo ng madalubhasang mga sangay na siyang nagbibigay ng teknikal at propesyonal na mga serbisyo para suportahan ang kriminal na imbestigasyon. Kasama sa mga sangay na ito ang *Criminal Records Bureau*, ang *Identification Bureau*, ang *Forensic Firearms Examination Division*, ang *Major Incident Investigation and Disaster Support System Unit*, ang *Witness Protection Unit* at ang *Family Conflict and Sexual Violence Police Unit*. Dagdag pa rito ang *Crime Prevention Bureau* ay nagbibigay ng mga serbisyong patnubay ukol sa seguridad sa Pamahalaan, pribadong sektor at sa kabuuang publiko. Itinataguyod din nito ang mga panimuno ukol sa pag-iwas sa krimen sa pamamagitan ng nakagawiang pamaraan at *social media*. Ito ay nagsasagawa rin ng mga seminar ukol sa pag-iwas sa krimen, at malapit na nakikipag-ugnayan sa industriya ng seguriad at iba pang mga interesadong partido. Ang *Crime Support Group* ay

tumatayo rin para sa Puwersa sa pakikipag-ugnay sa *Forensic Pathology Service of the Department of Health* at *Forensic Science Division of the Government Laboratory*.

Ang *Crime Statistics Office* sa ilalim ng *Crime Wing Headquarters* ay responsable paghambing at pagsuri ng krimen na estadistika, at pagpamahagi ng kaugnay na impormasyon sa iba't-ibang sangay para sa kanilang pasusubaybay ng pangkalahatan at partikular na mga kalakaran sa krimen at pagbalangkas ng kaukulang panlaban at pag-iwas sa krimen na mga stratehiya. Dagdag pa dito, ang *Crime Wing Headquarters* ay bumabalangkas ng mga kaugnay na polisiya at tumutugon sa mga naaangkop na imbestigasyon.

**Mga Tauhan at Pagsasanay:** Ang *Personnel Wing (P Wing)* ay responsable sa lahat ng makabuluhang gawain tungo sa pamamahala ng kakayahang pantao, kasama dito ang pangangalap, promosyon, pag-unlad ng karera, mga kundisyon ng panunungkulan, disiplina, pakikitungo sa pagitan ng mga empleyado at usaping kapakanan.

Ang mga tao ang siyang pinakamahalagang aset ng Puwersa. Upang maakit ang mga kandidatong mataas ang kalibre na sumali sa Puwersa, ang *Recruitment Division* ng *P Wing* ay nag-oorganisa ng pangangalap at publikong kaganapan na kaiba ang uri, na kung saan kasama ang *Education & Careers Expo, Police Recruitment Days* at mga diskursong karera. Sa pagitan ng Mayo 2021 at Hunyo 2023, ang *Recruitment Division* ay nagsagawa ng anim na *Recruitment & Experience & Assessment Days* na pinagsama ang pangangalap at mga elemento ng karanasann, pagpapakilala ng trabaho ng pulis at pangangalap na impormasyon sa pangkalahatang publiko sa pamamagitan ng mga interaktibong paraan. Ang mga lumahok ay maaari ring gumawa ng aplikasyon doon mismo sa lugar.

Ang *Recruitment Division* ay naglunsad ng iba't ibang pang-engkuwentrong mga proyekto para sa kabataan, tulad ng *Police Mentorship Programme (Outreach), Project ACHIEVE, Auxiliary Undergraduate Scheme,* at *Sportsmen Programme* para sa Pangngangalap, Karanasan at Kaunlaran, upang makapagbigay sa mga Kabataan ng oportunidad na makilala ang mga naglilingkod na kapulisan at maintindihan ang iba't ibang uri ng trabaho ng pulis. Ang *Police Mentorship Programme* at ang *Police Mentorship Programme (Outreach*) ay pinag-isa sa *Police Mentorship Programme* noong 2022/2023 na may tatlong lipon, nagngangalang *Police Mentorship Programme (Hong Kong), Police Mentorship Programme (Mainland*) at *Police Mentorship Programme (Ibang Bansa*) para sa mga lokal na mag-aaral sa Hong Kong, *Mainland* at ibang bansa ayon sa pagkakabanggit, pukawin silang sumali sa Puwersa kapag sila ay nagtapos.

Para mapadali ang mga aplikasyon mula sa mga mag-aaral ng unibersidad, ang Puwersa ay nag-organisa ng *'Police University Recruitment Express-Hong Kong'* sa 11 na mga institusyon sa buong Hong Kong sa pagitan ng Setyembre at Oktubre 2022. Ang mga mag-aaral ay maaaring mag-apply doon mismo sa lugar para sa mga posisyon ng *police constable*, *probationary investigator* at *auxiliary police constable,* at sumailalim sa proseso ng pagpipili doon din sa kampus mismo. Yung mga naglilingkod na mga opisyal na mga alumni rin ng unibersidad ay ibinihagi ang kanilang karanasan sa mga mag-aaral.

Para kalapin ang mga mag-aaral ng Hong Kong na nakatira sa *Mainland* at mapadali ang pag-umpisa ng kanilang pulis na pundasyon na pagsasanay pagkatapos ng pagtatapos, ang Puwersa ay nagpadala ng delegasyon ng mga tauhan sa *Recruitment Division*, mga guro sa *Police College* at mga Kalaping Tagapagsalita noong 2022 at 2023 para isagawa *ang 'Hong Kong Police University Recruitment-Mainland'* sa Mainland sa pagbibisita sa Guangdong, Fujian, Beijing at Wuhan. Ang delegasyon ay namigay ng mga impormasyon ukol sa pangalap at pumili ng kandidato doon mismo sa lugar. Sa layuning mahimok ng mga naglilingkod na mga opisyal na pukawin ang mga tao sa kanilang paligid na sumali sa Puwersa, ang *Recruitment Division* ay naglunsad ng panukalang *Police Recruitment Buddies*. Ang panukala ay naglalayon na himukin ang mga naglilingkod na opisyal na kilalanin, pukawin, at hikayatin ang kanilang mga miyembro ng pamilya at kaibigan na gumawa ng apliskayon, akitin ang panibagong magpapasiglang mga kasapi.

Dagdag pa, ang *Recruitment Division* ay naglunsad ng *Non-ethnic Chinese (NEC) Referral System*, na kung saan itinutukoy ang mga *NEC* na aplikante na hindi pa nakakapasa sa proseso ng pangangalap na pagpili na sumali sa mga programang pakikipag-ugnayan na inilunsad ng iba't-ibang Distrito ng Kapulisan. Ito ay lumalayon na mas ihanda ang mga aplikante para sa pagsali sa Puwersa, pahusayin ang kanilang kumpiyansa at kakayahan.

*Ang Recruitment Division* ay palaging pinagaaralan ang polisiya sa pangangalap para makaakit ng mga aplikante na mataas ang kalibre. Mula noong ika-1 ng Abril 2022, ang *Hong Kong residency* na *requirement* para sa *police constable*, *probationary investigator* at *auxiliary police constable*, ibig sabihin, 'nakatira sa Hong Kong ng di kumulang ng pitong taon', ay tinanggal. Ang kailangan lamang ng aplikante ay mapunan ang saligang pagiging 'isang permanenting residente sa *Hong Kong Special Administrative Region.*'

Nang ito ay naging epektibo mula noong ika-5 ng Mayo 2023, ang pagpasok na saligan para sa *police constable*, *probationary investigator* at *auxiliary police constable* ay binago rin: (i) Ang taas at bigat na mga saligan ay tinanggal upang umangkop sa ibang mga disiplinang lingkod; (ii) Ang saligan na kailangang sumailalim sa *unaided visual acuity test* ay tinanggal. Ang aplikante na pumasa sa test gamit ang anteohos o *contact lenses* ay maituturing napasa ang pamantayan ng paningin. Ang saligan para sa *color perception* ay hindi nagbago; at (iii) Ang *Recruit Police Constable Written Examination (Written Examination)* ay inumpisahan para kakailanganing makamit ang saligan sa katatasan ng wika. Ang *Written Examination*, ay binubuo ng mga elemento ng trabaho ng pulis, ay inangkop para sa mga ningalap na aplikanteng *police constable*. Ang isang aplikante na nakapasa sa *Written Examination* ay masasabing nakamit ng ningalap na aplikanteng *police constable* ang kinailangang saligan ng katatasan ng wika, at ang resulta nito ay tinuturing permanenteng patotoo.

Ang tema ng Puwersa nang 2023/24 ay ‘Tawag Nila, Pagkabuhay Mo’ *(‘Their call, Your Calling’),* umaasang ipaalam sa publiko kung paanong alagaan nang mabuti ng Puwersa ang mga taong nangangailangan. Limang ‘Pagngangalap na Tagapagsalita’ (*Recruitment Spokespersons*) na galing sa iba’t ibang mga *background* ay pinili, at kaugnay na *videos* at *posters* ukol sa pagngangalap sa ilalim ng tema ay ginawa para madagdagan ang publisidad.

Ang *P Wing* ay nangunguna sa lahat sa pagpapaunlad ng isang mapampalusog at mapang-alaga na kultura sa loob at sa labas ng Puwersa. Noong 2023, ang Puwersa ay ginawaran ng *award* ng 15 *Years Plus Caring Organisation Logo* mula sa *Hong Kong Council* ng *Social Service* sa pagkilala ng kanilang patuloy na pangako sa pangangalaga ng kanilang mga empleyado, ang komunidad at ang kapaligiran, sumakatuwid nagpapakita ng kagandahan ng organisasyon sa pagtugon sa pangangailangan ng lipunan.

Patungkol naman sa gawain sa komunidad, ang *Hong Kong Police Volunteer Services Corps*, na may 23 na pangkat ng boluntaryong pulis, ay nagbibigay ng mahigit sa 23 000ng oras ng serbisyo sa komunidad noong ikalimang alon ng COVID-19 na pandemya noong 2022.

Ang *Hong Kong Police College (HKPC)* ay binubuo ng punong tanggapan at tatlong paaralan, nagngangalang ang *School of Foundation Training*, ang *School of Professional Development* at ang *School of Specialised Learning*. Ang HKPC ay nakatuon sa pangako na magbigay ng kakayahan sa mga opisyal ng kinailangang saloobin, kaalaman at kasanayan upang mapaglingkuran ang Hong Kong nang may karangalan, tungkulin at katapatan.

Ang *School of Foundation Training* ay nagbibigay ng mga kumalap at propesyonal na pagsasanay para sa mga nagsasanay sa ilalim ng kapasidad at nakagawiang pananaw, upang matugunan ang pambungad na kinailangan sa pagpapatakbo. Noong 2020, ang *HKPC* ang naging kauna-unahang institusyon na hindi pang-kolehiyo at departamento ng pamahalaan sa pagkaroon ng estado ng *Programme Area Accreditation*, na kung saan pinagkatiwala sa *HKPC* na akredetahin sa panloob ng Puwersa ang mga aralin sa *Law Enforcement and Security Studies Programme Area* hanggang sa *Qualifications Framework Level 5*. Sumakatuwid, ang HKPC sa panloob ay nakapag-akredita/nakapag-akredita muli ng 18 programa ng Puwersa sa pamamagitan ng malakas *na Quality Assurance Mechanism* at *Internal Learning Programme Accreditation System.*

Ang *School of Professional Development* ay nagtataguyod ng pagaaral sa pamamagitan ng paglilingkod at nagbibigay ng lokal, *Mainland* at abrod na bokasyonal at ehekutibong pagsasanay na mga programa sa iba't ibang kontemporaryo na mga paksa na ugnay sa polisiya sa pamamagitan ng maagap na paghahanap ng kolaborasyon sa ibang ahensiya na nagpapatupad ng batas, unibersidad, at mga institusyon. Nag-umpisa noong 2021, ang *HKPC* at *Tsinghua University* ay naglunsad ng isang *2.5-year part-time Executive Master of Public Administration Programme* para sa mga opisyal ng pulis at iba pang disiplinang lingkod. Nang maaari ng magbiyahe pagkatapos ng COVID-19 na pandemya, ang *HKPC* ay patuloy na ginagalugad ang mga bagong oportunidad sa pag-aaral sa layuning patatagin ang pag-intindi ng mga opsiyal ng mga gawaing pambansa at stratehiya para sa paglago, pati na rin ang pagpapalakas ng kanilang propesyonal na kakayahan.

Ang *School of Specialised Learning*, binubuo ng tatlong util na mga Dibisyon at apat na mga Sentro, ay nagbibigay ng iba't-ibang madalubhasa at kahusayan sa kakayahan na pagsasanay tulad ng pagsasanay sa mga detektib, ang pagmamaneho ng pulis at pagsasanay sa trapiko, pagsasanay sa mga guro, pagsasanay sa wika at sikolohikal na kahusayan sa kakayahan na pagsasanay. Dahil sa malakas na komitment sa propesyonal na pamantayan, ang *HKPC* ay gumagamit ng teknolohiya at nagbibigay ng patuloy na suporta para mapadali ang pinakamagaling na pagsasanay sa pagbabahagi, pagpapamahala ng kaalaman, at impormal na mga pagbabago upang lalung mapabuti ang kakayahan sa pagsasanay.

Ang *College Headquarters (HQs)* ay responsable sa pagbabalangkas ng mga madiskarteng plano sa pagsasanay, tiyak na kalidad, mga usaping administrasyon at kakayahang pantao, pati na rin ang pag-uugnay sa hinirang na *mga dalubhasa sa akademya at mga eksperto bilang Honorary College Advisors* para magampanan ang mga

independenteng patnubay at kadulabhasaan sa iba't-ibang aspeto ng mga usaping kaugnay sa polisiya. Ang *HQs* ay regular ding nagsusiri ng mga pasilidad ng *HKPC s*a pagsasanay ng mga pulis. Noong Hulyo 2022, inaprubahan ng *Legislative Council* ang pagpondo ng pagtayo ng mga bagong pagsasanay na mga pasilidad para sa pulis sa Kong Nga Po, na naglalayon na ipagsama at ilipat ang ilang mga nakakalat na pasilidad ng pagsasanay para sa pulis sa buong New Territories sa pananaw na malikum ang kasaliwaan sa pagsasanay samantalang ipinaubaya ang iba't-ibang lugar sa Kwu Tung at Fanling para sa pabahay o ibang gamit. Ang konstruksyon ay kasalukuyang nangyayari at ang bagong *HKPC Integrated Training Centre* ay inaasahang lubusang magagamit sa dulo ng 2026.

Sa pagtayo sa isang matatag na pundasyon, ang *HKPC* ay patuloy na nakakuha ng ilang lokal at internasyonal na mga parangal, kasama dito ang *Global and Hong Kong Most Innovative Knowledge Enterprise (MIKE) Awards 2022*, isang *Bronze Award* sa *Learning Technologies Awards 2022*, isang Bronze Award sa *Galaxy Awards 2022,* isang *Honors Award* sa *Astrid Awards 2023*, at isang *Silver* at isang *Bronze* na mga *Award* sa *Questar Awards 2023*. Ang Puwersa ay patuloy na binibigyan ng parangal bilang *Manpower Developer* ng *Employee Retraining Board* mula 2013.

**Mga Pamamahalang Lingkod**: Ang *Management Services Department* ay sinusuporta *ng Information Systems Wing* pati na rin ng *Service Quality Wing*. Ang *Information Systems Wing* ay binubuo ng *Digital Policing Services Bureau, Innovation and Solution Lab (ISLAB), Information Technology Branch* at *Communications Branch.*

Ang *Digital Policing Services Bureau*, na binubuo ng *Digital Services Division*, *E-Police Division*, *Systems Security and Support Division* at *Major Systems Security*, ay nagbabalangkas at nakikipag-ugnayan ng *digital policing blueprint* at mga panimula at ito rin ay responsable sa seguridad ng impormasyon ng Puwersa. Tinutulungan ang Puwersa para mapahusay ang mabisang pagpapatakbo nito, pahusayin ang mga proseso ng pagtatrabaho at magbigay ng madali at magaang serbisyo sa pagpapatupad ng batas sa pamamagitan ng paghatid ng malawak na saklaw ng *digital solutions* tulad ng *e-services* at *mobile applications*.

Ang *ISLAB* ay responsable sa pagpapalakas ng Puwersang pagpapanimula at kakayahang aplikasyon sa teknolohiya sa panahong digital. Sa ngayon ito ay nakatuon sa limang pangunahing aspeto, nagngangalang *digital transformation*, *data anlaytics, software and system technology, mobile technology* at *mobile application*, at mga umuusbong na teknolohiya. Sa pakikipag-ugnay sa iba't-ibang interasadong partido at sa pagkupkop ng *co-creation methodology*, ang *ISLAB* ay tumutulong sa Puwersa para tukuyin ang panimulain at

saklawin ang paggamit ng teknolohiya. Ang *Information Technology Branch* ay responsable sa pagplano, pagbuo at pagpapatupad at pagpapanatili ng *information technology application systems*, sinasaklaw ang *infrastructure and facility, administration systems, operation communications solutions and operation systems*, para makapagbigay ng napakahusay na suporta sa pang-araw-araw na pagpapatakbo ng Puwersa at sa lahat ng mga kasapi nito.

Ang *Communications Branch* ay nagdedesenyo, kumukuha, nagpapanatili at bumubuo ng lahat mga *communications network* at kagamitan ng Puwersa, kasama dito ang radio, *video, navigational aids, speed detection radar, mobile phones, office telephones* at *firing range equipment*. Ito rin ang nagpapatakbo ng *Information and Communications Network Management Centre*, na kung saan nagbibigay ng 24/7 na emehensiyang suporta sa impormasyon at Komunikasyon na mga pasilidad ng Puwersa.

Ang *Service Quality Wing* ay responsable sa pagpapamuno ng mga panimulain para mapahusay ang serbisyo ng ibinibigay sa publiko at sa mga kasapi ng Puwersa at ipanuto ang kahusayan sa paghatid ng serbisyo at kalidad na pamamahala sa buong Puwersa. Ang *Wing* ay binubuo ng tatlong sangay: ang *Performance Review Branch (PRB),* ang *Research and Inspections Branch (RIB)* at ang *Complaints and Internal Investigations Branch (C&IIB).*

Ang *PRB* ay responsable sa pagbuo ng *Force Strategic Management Framework*, tauhan ang *cyclic Directions and Strategic Action Plans,* isulong ang mga pamantayan ng Puwersa at pagpapatupad ng *Force Strategy on Quality Service*.

Ang *RIB* ay responsable sa pakipag-ugnay sa lahat ng pangkalahatang mga gawaing inspeksyon pati na rin ang pagsagawa ng mga araling tema sa mga isyu na may epekto sa pagpapatakbo, pagpapamahala at reputasyon ng Puwersa.

Ang *C&IIB* ay kinabibilangan ng *Complaints Against Police Office (CAPO*), ang *Internal Investigations Office (IIO)* at ang *Integrity Audit Action Group (IAAG*). Ang *CAPO* ay responsable sa imbestigasyon at pagsubaybay ng ayong aksyon sa lahat ng reklamo na itinaas ng publiko laban sa mga kasapi ng Puwersa. Ang imbestigasyon ng *CAPO* at ang paghahawak ng naiulat na reklamo ay pinupuna, sinusubaybayan at sinusuri ng *Independent Police Complaints Council* para matiyak na ang lahat ng reklamo laban sa Pulisya ay naiimbestiga nang ganap at walang -pinapanigan. Ang *IIO* ay responsable sa imbestigasyon at pagsubaybay ng mga alegasyon ukol sa mabibigat na masamang pag-uugali at korap na mga gawain laban sa mga kasapi ng Puwersa, pati na rin ang pagsulong *ng Force Integrated Integrity Management*

*Framework* para pagtibayin ang mga pamantayan ng Puwersa. Ang *IAAG* ay nagsasagawa ng maagap na imbestigasyon laban sa mabibigat na masamang pag-uugali at ilegal na mga gawain na sangkot ang mga kasapi ng Puwersa, napapanahong pagtukoy at pagtama ng *duty-related systemic risks*, at pahusayin ang *supervisory accountability.*

**Pananalapi, Administrasyon at Pagpaplano**: Ang *Finance Wing* ay responsable sa mga pamamahala na pinansiyal, *forensic accounting* at mga pansuportang lingkod, *stores management* at *internal audit* ng Puwersa. Ang *Administration Wing* ay inaalagaan ang pamamahala ng sibilyan na mga empleyado at mga usaping establisyemento ng Puwersa. Ang *Planning and Development Branch* (*P&D)* ay responsable sa mga madiskarteng pagpaplano ng mga ari-arian ng Puwersa. Ang *P&D* ay nagpapalano at bumubuo ng nakatayo o umiiral at panghinaharap na mga gusali at pasilidad ng Pulisya upang matugunan ang inaasahan ng publiko at maisulong ang mapanatiling pag-unlad sa pamamagitan ng pagsusubaybay ng pag-unlad ng imprastraktura at paglago ng populasyon ng Hong Kong at ng mga pangangailangan sa pagpapatakbo ng Puwersa. Ito rin ay nangangasiwa ng mga malakihang-lebel na pagpapanatili at pagpapabuti na mga program ng mga umiiral o nakatayong gusali at pasilidad ng Pulisya para matiyak ang maayos na pagpapanatili at mapaganda ang kalidad, pamantayan, seguridad at ang mabisang pagpapatakbo nito.

**Pambansang Seguridad**: Ang *National Security Department (NSD)* ay responsable sa pagkolekta at pagsuri ng kaalaman at impormasyon na hinggil sa pambansang seguridad; pagplano, pag-ugnay at pagpapatupad ng mga hakbangin at operasyon para pangalagaan ang pambansang seguridad; pag-imbestiga ng mga pagkakasalang nalalagay sa panganib ang pambansang seguridad; pagsagawa ng *counter-interference* na imbestigasyon at pagsusuri ng pambansang seguridad; pagpatupad ng mga gawaing pangangalaga sa seguridad ng bansa na itinakda ng *Committee for Safeguarding National Security of the HKSAR*; at ang pagsakatuparan ng iba pang tungkulin at gawain na kakailanganin sa pagpapatupad ng *National Security Law.*

Sa pagpapatakbo ng hotline para makapagbigay ng impormasyon sa publiko o pag-ulat ng mga kasong hinggil sa pambansang seguridad, and *NSD* ay lumikha ng opisyal na WeChat account noong ika-1 ng Agosto 2022 para sa pagpalaganap ng impormasyon ukol sa pambansang seguridad. Mahigit sa 500 000 na pirasong impormasyon ang natanggap mula nang magumpisa ang pagpapatakbo ng hotline.